# PAGGAMIT NG SUGNAY NA DI-MAKAPAG-IISA/OPINYON AT KATOTOHANAN/LIHAM SA EDITOR

*Magandang araw kaibigan!*

*Muli ay narito na naman ako na handang tumulong sa iyo upang matutuhan mo ang iba pang kasanayan. Pagkatapos mo ng modyul na ito ay inaasahang :*

- *Nakabubuo ng pangungusap gamit ang mga sugnay na nakapag-iisa at di-makapag-iisa*
- *Natutukoy mo kung ang pahayag sa akdang binasa ay opinion o katotohanan*
- *Makasusulat ka na ng isang liham sa editor na nagrereklamo tungkol sa isang isyu o paksa.*



## Pagbalik-aralan Mo

**Narito ang editoryal ng isang pahayagan. Mapapansin mo na may mga salitang may salungguhit. Bigyan mo ng pansin ang mga salitang ito upang masagot ang aking katanungan pagkatapos bumasa.**

**EDITORYAL EDITORYAL**

**'Wag Magsamantala'**

Umaapela kami sa magsisipagpasadang public utility vehicles (PUV's) ngayon na huwag naman sanang samantalahin ang kahirapan ng sasakyan sa araw na ito.

Tunay na malaking tulong ang inyong paglabas sa lansangan.

Maraming pasahero kayong matutulungan na makarating sa paroroonan at makauwi, pero sana naman ay panatilihin ninyong marangal ang intensyong magbigay ng serbisyo. Huwag naman sana ninyong abusuhin ang pagkakataon sa pamamagitan ng paniningil nang mas mahal na pasahe o kaya naman ay mag-cutting trip.

Kahapon nga ay nagbabala ang pulisya sa mga FX drivers na huwag magsamantala. Bawal maningil nang sobra sa dapat na pasahe. Ang sinumang pasahero ay maaaring maghain ng reklamo kung makakatagpo ng ganitong mga tsuper.

Sa totoo lang, ang walang patid na baba't sakay ng pasahero sa araw na ito ay malaking bentahe na sa inyo. Hindi naman ito libre. Magbabayad naman sila nang tama. Kumbaga, makakatulong kayo sa mga pasahero pero malaking tulong din sila sa kita ninyo. Patas lang kaya wala dapat gulangan.

Sa mga magsisipagwelgang grupo ng mga drayber, sana ay irespeto n'yo rin ang desisyon ng ilang kasama na mamamasada. Kung may karapatan kayong magwelga, may karapatan din silang mamasada at tumangging makisama sa inyo. Importanteng irespeto ninyo ito.

Totoong ang iyong ipinaglalaban ay para sa interes ng buong grupong pumapasada at makakatulong din sa mga pasahero dahil ang gusto n'yo naman ay huwag nang tumaas ang presyo ng langis. Maganda ito, pero intindihin n'yo rin ang dahilan ng mga kasamang mas pipiliin pa ring mamasada kaysa magwelga. Mahirap ang buhay at ang isang araw na hindi pagbiyahe ay malaking kawalan sa panggastos ng bawat isa.

Anong uri ng sugnay ang mga lipon ng salita na may salungguhit. Sugnay na makapag-iisa ba o sugnay na di-makapag-iisa?

Kung ang sagot mo ay sugnay na di-makapag-iisa, okey ka, tama ang sagot mo.

Isulat mo sa iyong sagutang papel ang mga may salungguhit na sugnay. Basahing muli. Bakit mo sinabing ang mga ito ay sugnay na di-makapag-iisa? Ang mga ito ba'y nagpapahayag ng buong diwa? Hindi, di ba?

Subukang isulat ang mga pangungusap na nagpapahayag ng katotohanan o opinyon sa angkop na hanay.

1. May mga driver na nagsasamantala sa pasahero.
2. Maraming pasahero ang natutulungan ng mga driver na makarating sa paroroonan at makauwi.
3. Ang mga pasahero ay maaaring maghain ng reklamo.
4. Mahirap ang buhay at ang isang araw na walang kita ay malaking kawalan sa panggastos.
5. Walang driver na mas pipiliin ang mamasada kaysa magwelga.
6. Ang walang patid na baba't sakay ng pasahero ay malaking bentahe sa driver.

| Katotohanan | Opinyon |
| --- | --- |
| 1. ______________________________ | 1. ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| 2. ______________________________ | 2. ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| 3. ______________________________ | 3. ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |

Magkatulad ba tayo ng sagot?

**Katotohanan**

1. Maraming pasahero ang natutulungan ng mga driver na makarating sa paroroonan at makauwi
2. Ang walang patid na baba't sakay ng pasahero ay malaking bentahe sa driver
3. Mahirap ang buhay at ang isang araw na walang kita ay malaking kawalan sa panggastos

**Opinyon**

1. May mga driver na nag-sasamantala sa pasahero
2. Ang mga pasahero ay maaaring maghain ng reklamo
3. Walang driver na mas pipiliin pang mamasada kaysa mag-welga

Basahin

***MARAMING NAGREREBELDE DAHIL SA KAKULANGAN NG HUSTISYA***

*Dear Editor,*

*Nabasa ko ang inyong editoryal kahapon na may titulong "Walisin Lahat ng Hoodlums na nasa Kasuotang Panghukom." (PSN, Dec. 9, 2005 issue) at umaayon ako sa inyong paninindigan na kaya maraming nagrerebelde ay dahil hindi nakakamit ang hustisya. Ang mga tiwali, abusado at tamad na hukom ang dapat sisihin kung kaya may nagrerebelde. Tama rin naman si Justice Artemio Panganiban na ang mga hukom na may ganitong masamang reputasyon ay dapat inaalis sa puwesto. Hindi sila kailangan sa hudikatura.*

*Marami ang naghahangad ng hustisya subalit hindi nila makamtan. Tambak ang mga kasong hindi maaksiyunan ng mga hukom sapagkat naghihintay sila ng perang pampadulas. Mas masahol pa nga sila sa mga kriminal na kanilang sinisentensiyahan. Dapat nga silang walisin para hindi tularan.*

*Napakaganda ng inyong editoryal.*

*Mr. Francisco Landayan*
*Pi y Margal St., Sampaloc*
*Manila*

Sagutin ang mga sumusunod na tanong upang matiyak kung lubusan mong naunawaan ang binasang liham sa Editor.

1. Ano ang pamagat ng nabasang editoryal ng sumulat ng liham?
2. Anong pananaw sa editoryal ang kanyang sinasang-ayunan?
3. Sino raw ang dapat sisihin kung may nagrerebelde?
4. Bakit hindi makamtan ang hinahangad na hustisya?
5. Paano mababago ang kawalan ng hustisya sa maraming kaso?

Nasagot mo ba nang wasto ang mga tanong? Tingnan nga natin?

1. Ang editoryal ay may pamagat na "Walisin Lahat ang Hoodlums na nasa Kasuotang Panghukom".
2. Umayon siya sa paninindigan na kaya maraming nagrerebelde ay dahil hindi nakakamit ang hustisya.
3. Dapat maalis ang mga hukom na hindi umaaksyon sa kaso.
4. Tambak ang mga kasong hindi maaksiyunan.
5. Mababago ang kalakaran sa hustisya kung maaalis ang mga tiwaling hukom.

## Pag-aralan Natin

**A.** 1. Ano ang masasabi mo sa uri ng liham ng editor?
Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel. Ito ay:
   a. humihingi ng impormasyon
   b. nagrereklamo tungkol sa isang isyu
   c. nagpapasalamat sa kinauukulan
   d. nanawagan sa madla

2. May napansin ka ba sa lagda ng liham? Ito ba ay:
   a. may lagda ng buong pangalan
   b. walang lagda ng sumulat
   c. may alyas o ibang pangalan
   d. hindi buong pangalan ang nakalagda

Tingnan ang tamang sagot sa loob ng kahon. Tama ba ang sagot mo?

| | |
|---|---|
| 1. | b |
| 2. | a |

**B. Maitatala mo ba ang mga <u>opinyon</u> at <u>katotohanan</u> sa liham?**

Opinyon

______________________
______________________
______________________

Katotohanan

______________________
______________________
______________________

Iwasto ang iyong sagot

Opinyon

1. Maraming nagrerebelde dahil hindi makamit ang hustisya.
2. Tiwali, abusado at tamad na hukom ang dapat sisihin.
3. Tambak ang kasong hindi naakasiyunan sapagkat naghihintay ng perang pampadulas.

Katotohanan

1. Dapat alisin sa puwesto ang mga tiwali, abusado at tamad na hukom.
2. Maraming naghahangad ng hustisya ngunit hindi nila makamtan .
3. Hindi dapat tularan ang mga corrupt, abusado at tamad na hukom.

Bakit nasasabing opinyon ang isang pahayag? Bigyan ng paliwanag. Bakit nasasabing katotohanan ito? Bigyan ng katuwiran.

**C. Mapipili mo ba ang mga sugnay na di-makapag-iisa sa liham? Isulat ang mga ito sa iyong sagutang papel.**

Magkatulad ba tayo ng sagot?

1. hindi makakamit ang hustisya
2. kaya may nagrerebelde
3. hindi nila makamtan

Bakit sinabing ang mga ito ay sugnay na di-makapag-iisa?

Tama ka, dahil ang mga ito ay walang malinaw na diwa.
Hindi matatawag ang mga ito na payak na pangungusap.



## Pagsanayan

Pumili ng isang isyu o paksa. Sumulat ng isang liham sa editor. Huwag kalilimutang ilagda ang iyong buong pangalan at tirahan.
Salungguhitan ang mga sugnay na di-makapag-iisa sa iyong liham.

Dear Editor,



## Subukin ang Sarili

**A. Basahin ang liham sa Editor. Itala ang mga reklamo ng sumulat ng liham. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

*Dear Editor,*

*Matagal na akong nagbabasa ng PSN at binabasa ko ang kolum ni Mr. Jarius Bondoc. Isa akong domestic helper dito sa Hongkong.*

*Hanga ako sa isinulat niya sa kanyang kolum kahapon (**PSN, April 22, 2005**) na may pamagat na "**Walang Supporting Papers, Este Pesos**". Naalala ko tuloy ang nangyari noong muntik na akong maiwanan ng flight ko. Binigyan ko na lang ng $500 para tulungan niya akong mapadali ang paghalungkat ng papeles ko kasi 10 minutes na lang ay aalis na ang eroplano pero ang pagkakamali ko, hindi ko man lang nakuha ang pangalan niya pero pag nakita ko uli ang taong yon siguradong makikilala ko.*

*Ito pa ang isa. May kaibigan akong umuwi sa amin nang nakaraang linggo kaya nagpadala po ang mama ko sa kanya ng limang kilong mangga. Noong nasa Davao airport na ang kaibigan ko ay hinarang ito ng mga military at hinalungkat ang mga gamit kaya nakita na may mangga siyang dala. Pinilit ng mga military ang kaibigan kong iwanan na lang sa kanila ang mangga dahil bawal daw sa eroplano. Nangutang lang ang mama ko ng pera para pambili ng mangga tapos iba lang pala ang kakain? Hindi naman siguro bawal ang mangga sa eroplano di ba? Ang dapat pagbawalan ng mga military na nandyan sa Davao airport ay ang nagdadala ng shabu at bomba.*

*Mag-ingat ang kapwa ko OFW sa airport ng Davao City.*

*Juliet ng Hongkong*

**B. Isulat na muli ang mga pangungusap sa iyong sagutang papel. Salunggguhitan ang sugnay na di-makapag-iisa.**

1. Kamuntik nang maiwan ng eroplano si Juliet dahil sa pagkakamali niya.
2. Nagbigay siya ng $500 upang tulungan ako.
3. May kaibigan siyang umuwi noong nakaraang linggo.
4. Hindi nadala ang mangga at dahil bawal daw sa eroplano.
5. Nangutang lang ng pera ang mama ni Juliet upang makabili ng mangga.

## C. Isulat kung katotohanan o opinyon ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat sa iyong sagutang papel.

1. Si Juliet ay isang domestic helper sa Hongkong.
2. Nagbigay siya ng $500 para tulungang ayusin ang kanyang papeles.
3. Mahigpit ang military sa Davao.
4. Bawal ang mangga sa airport.
5. Dapat mag-ingat sa mga military sa Davao.

Iwasto natin ang mga sagot mo.

A.
1. Ang mga reklamo ni Juliet : kamuntik na siyang maiwan ng kanyang flight dahil hindi kumpleto ang papeles niya.
2. Nagbigay siya ng $500 para maayos ang kanyang papeles.
3. Hindi nadala ang mangga at seaweeds na padala sa kanya.

B. Sugnay na di makapag-iisa.
1. sa pagkakamali
2. upang tulungan ako
3. noong nakaraang linggo
4. bawal daw sa eroplano
5. nakabili ng mangga at seaweeds

C.
1. katotohanan
2. katotohanan
3. opinyon
4. katotohanan
5. opinyon

Tama ba ang iyong mga kasagutan? Alam ko namang kayang-kaya mo ito, kung tama lahat ang iyong mga kasagutan, maaari ka nang pumunta sa susunod na modyul.